

Chapter One

“Hello, Ma. Alam mo bang nandito na ako sa *UP Clark*. Shucks! The campus is so small! Mas malaki pa nga 'ata ang maid's quarters ng bahay natin!” bulalas ni Pamela pagkarating niya sa *UP Clark* campus habang kausap ang mama niya sa cellphone. Lulan siya ng kanyang kotse.

May kaliitan lamang ang universidad na ito. May isa itong main building kung saan naroroon ang mga silid-aralan, silid-aklatan at tanggapan ng universidad at ng mga professors. Isa lamang ang palapag ng gusaling ito na may puting pintura. Naka-park ngayon ang kotse ni Pamela sa parking lot ng campus.

Ito ang unang araw ng klase. Freshman sa kursong

BS Business Management si Pamela. Kaya ito ang kinuha niyang kurso ay dahil alam niyang siya lamang ang magiging tagapagmana ng business empire ng kanyang mga magulang as she was the only child. Nepomuceno was the wealthiest and most prominent family in Angeles City. Her parents owned chains of malls, hotels, resorts, restaurants, pharmacies and banks around their city.

Laki siya sa layaw kaya lahat ng luho at kagustuhan niya ay nasusunod. Ngunit isang kahilingan lang niya ang hindi pinagbigyan ng mga magulang: ang makapag-aral sa Maynila. Ayaw kasi ng mag-asawa na malayo siya sa mga ito.

“At saka delikado sa Maynila, baka makidnap ka pa roon. At least dito safe ka,” sambit lang ng mga ito noon. Kaya ngayon ay napadpad si Pamela dito sa mumunting campus ng *UP Clark*. Ang eskuwelahang ito ay tinatawag ding *University of the Philippines, Extension Program in Pampanga*.

“Pamela, Dear. You’ll get used to it. The university is one of the best when it comes to business course. Sa *UP* kami nagtapos pareho ng papa mo and look kung ano na ang narating namin,” wika ng mama niya sa kabilang linya.

Napabuntong-hininga na lang ang dalaga. Nagpaalam na siya sa kanyang ina at tinapos na ang tawag. Naalala pa niya na dapat ay bibigyan

siya ng kanyang mga magulang ng sariling driver at bodyguards. Pero talagang nagprotesta si Pamela roon kaya hindi natupad iyon. Paano pa siya makakapag-bar-hopping kung laging may bodyguard at driver na nakasunod sa kanya? Party girl siya at buhay niya ang pagpunta sa mga bars to hang out with her friends.

Bumaba siya ng kanyang kotse. She gave the campus one look and uttered, “College life, here I come.”



First class niya ang Social Science 1. Wala pa ang professor pagpasok ni Pamela ng classroom. Naupo siya sa tabi ng isang lalaki na nakadungaw sa bintana; tanaw mula roon ang covered court ng universidad kung saan may mga lalaking naglalaro ng basketball. Halos lahat ng mga kaklase niya ay nagdadaldalan na at nagpapakilala sa isa't isa. Pero ang nakatabing lalaki ni Pamela ay walang kibo at ubod nang tahimik.

“Hello!” sambit niya.

Pero parang hindi nito narinig ang pagbati niya at ni hindi man lang siya tiningnan nito. Nainis siya sa inastang iyon ng lalaki. Hindi siya sanay nang dinededma. Sa pagpunta niya sa mga bars ay madalas ang mga lalaki pa ang nagpapakilala sa kanya. Pero ang lalaking katabi niya ngayon... aba, dinedma ang kanyang beauty!

Hmph! Suplado! Akala mo kung sinong guwapo!

Saka naman dumating ang professor nila. Kaagad namang tumingin ang lalaki sa bagong dating. Nagtawag ng attendance ang huli.

“Pamela Nepomuceno?”

“Present, Sir!” wika ni Pamela, sabay taas ng kamay.

Napakunot ng noo ang professor. “Are you related with the Nepomuceno family here in Angeles City?” tanong nito. “The family who almost owned anything and everything around the city,” dagdag pa nito.

“Yes, Sir. I’m Mr. Philipp Nepomuceno’s daughter,” sambit niya. Sinabi niya ito nang walang ere o yabang. Sa halip ay sinabi ito ng dalaga upang ipagmalaki na anak siya ng isang taong nagsumikap at nagtagumpay.

Napanganga ang kausap at ang ilang mga kaklase niya.

“Interesting, we have a princess here in our class,” sambit ng professor.

Napangiti na lang si Pamela. Masaya siya sa ipinakitang paghanga ng professor sa pinanggalingan niyang pamilya. Pero nagawi ang tingin niya sa lalaking katabi niya at napawi ang ngiti sa kanyang labi. *Ako? Si Pamela Nepomuceno, dinedma mo? That’s insane!*

“Timothy Razon?” pagpapatuloy ng professor ng roll call ng attendance.

Nagtaas ng kamay ang katabi ni Pamela. Doon niya lubusang natingnan ang hitsura nito. Mapula ang mga labi at matangos ang ilong. Bilugan at mapungay ang mga mata nito na wari’y nangungusap. Moreno ang lalaki at may hitsura ito kung tutuusin pero dahil inis siya rito, hindi niya ito kinonsidera. Nginitian lang ito ng professor at di naman nagsalita ang lalaki.

Habang nagkaklase, di maiwasan ng babae na sulyapan si Timothy. Kahit na inis siya rito ay parang may kakaibang misteryo itong natatangi. Napakatahimik nito. Ngunit kapag napapansin niyang nagagawi ang tingin ng lalaki sa kanya ay kaagad siyang mag-iiwas ng tingin.

Baka isipin pa ng mokong na 'to na may gusto ako sa kanya! Overs!

Buong klase ay nanatiling hindi siya kinikibo ni Timothy.



Nang lunchtime na ay nagpunta ng canteen si Pamela kasama ang bago niyang mga kaibigang sina Mona at Cathy. Um-order sila ng chicken at spaghetti pagkatapos ay naupo sa isang mesa.

“Pam, big time pala ang pamilya mo,” manghang sambit ni Mona.

“Minsan, shopping tayo sa mall n’yo. Pero sana makalibre kami...” biro ni Cathy.

“Ay, sure thing! Gusto n’yo mamaya na, eh,” nakangiting sambit niya.

“Ay, bongga ka, ’Teh! Talagang sineryoso mo kami!” masayang sabi ni Cathy.

Bumukas ang pinto ng canteen at pumasok ang supladong lalaki na si Timothy. Napasimangot kaagad si Pamela.

“Oh, ba’t biglang umasim ’yang mukha mo?” puna ni Mona.

“Mona, Cathy, mukha ba ’kong kaluluwa?” tanong niya.

Nagtataakang nagtinginan ang dalawang kasama, sabay napakunot ng noo.

“Pam, ano namang pumasok sa isipan mo at naitanong mo ’yan? Ang ganda-ganda mo kaya!” sagot ni Cathy.

“Kasi nakakairita kanina! Hindi man lang ako kinikibo ng lalaking ’yon n’ung magkatabi kami kanina sa SocSci 1. Feeling ko tuloy para akong multong hindi nakikita!” iritang tugon niya, sabay palihim na tinuro si Timothy na naglalakad na papuntang food counter para um-order.

“Ah! ’Yung kaklase nating guwapo! Alam mo, Pam, ang guwapo niya, ’noh? Type mo rin ba?” kinikilig na

sabi ni Mona, animo'y hindi pinakinggan ang hinaing ni Pamela kay Timothy.

“Nooo!” mariing pagtangga niya. “On the contrary, naiirita ako sa kanya!”

“Oh? Bakit? Mukha namang mabait,” ani Mona.

“No! He’s not mabait! Hindi n’yo ba ako narinig kanina? Dinedma niya ako kanina sa SocSci class natin! Sino ba nama’ng hindi maiinsulto n’un?” pagpoprotesta niya.

“Gan’un ba? Hayaan mo na lang, Teh. Gan’un talaga minsan ang mga guwapong lalaki... suplado effect ang drama,” sabi na lang ni Cathy.

“Ay, naku! Ang kukulit ng lahi n’yo, hindi nga siya guwapo, kaya wala siyang karapatang magsuplado, ah!” pagtutol niya sa kaibigan.

Ngunit sa kaibuturan ng puso ni Pamela ay hinihiling niya na balingan siya ng tingin ni Timothy. Pinanood niya ang huli habang umo-order ito ng pagkain sa pagbabakasakali na mapatingin sa kanya ang lalaki. Laking pagkadismaya niya nang matapos nitong um-order ay lagpasan sila ng tingin nito at naglakad patungo sa isang table kung saan ito ay mag-isang kumain.

“Iyan ba ang mabait? Sinupladuhan tayo? At ako, second time na niya akong sinupladuhan!” galit na sambit ni Pamela.

“Hindi niya tayo nakita. Ikaw naman,” ani Cathy.

“Saka hindi pa tayo close para pansinin niya,” susog ni Mona. “Hayaan n’yo, konting usap, konting bonding, at konting chorva lang, Timothy and I will get closer,” may halong landi na dagdag pa nito habang sinusulyapan din ang lalaking pinag-uusapan nila.

Pero inis na inis talaga si Pamela sa di-pagpansin sa kanya ni Timothy. Sa hindi niya malamang dahilan, gusto niyang kunin ang atensyon nito. Naiinis siya rito... inis na may halong paghanga.

Pagkatapos ng klase ay shopping galore ang ginawa nina Pamela, Mona, at Cathy sa *Nepo Mall*, ang shopping mall na pag-aari ng pamilya niya. Halos yata lahat na ng signature clothes sa department store ay nasukat na nila. Tinupad niya ang pangako sa mga kaibigan at nakalibre ng tig-isang damit sina Mona at Cathy.



“I see you have made friends already. Sinabi sa akin ng manager ng mall na you shopped with them a while ago. I thought you hate that school,” bati ni Mama Polly kay Pamela.

Kasalukuyang nagla-laptop si Pamela sa kanyang kuwarto nang pumasok ang kanyang ina. Kagyat na isinara niya ang laptop para hindi nito makita ang

kanyang ginagawa. Hindi naman nito napansin ang aksyon niyang iyon.

“Yes, Ma. They are Mona and Cathy. They are really cool and great. They said thanks for the free dresses,” aniya.

“Oh, how’s your first day?”

Kaagad na pumasok sa isipan niya ang ginawang pandededma ni Timothy sa kanya. “Aside from one event, my first day went great!”.

“Good. O, siya, matulog ka na. Good night, Honey,” wika ni Mama Polly, sabay halik sa pisngi ng unica hija nito.

“I love you, Mom.” Ginantihan niya ng halik ang ina.

Pagkalabas ni Mama Polly ng kuwarto ay kaagad na binuksan ni Pamela ang kanyang laptop. Tumambad doon ang *Facebook* account ni Timothy na tinitingnan niya bago pumasok ang kanyang ina.

Hindi pa niya friend ang kaklase sa naturang social networking site, pero hindi naka-private ang mga pictures nito kaya tiningnan niya ang mga iyon.

Yes! sigaw ng isip ng dalaga nang makitang hindi naka-private ang profile ng lalaki.

At sa pagtingin niya sa mga pictures nito ay hindi niya maikakailang guwapo ito. Habang tinitingnan ang pictures ni Timothy ay parang magic na nawala

ang inis niya rito at napalitan ng pagka-dazzle. Nakaramdam naman siya ng kaunting selos nang makita ang isang picture na may kasama itong babae. Magkaharap ang dalawa sa picture, magkahawak-kamay at nakangiti sa isa't isa. Palagay niya ay napaka-sweet tingnan ng mga ito sa larawan.

Could it be Timothy's girlfriend?

Tiningnan niya ang relationship status ni Timothy. Walang nakalagay. Binalikan ni Pamela ang picture nito at ng babae. *Di-hamak naman na mas maganda ako rito. Ay, goodness, what was I thinking! I don't like Timothy so why I am thinking this way?*

Para maiwasan ang ganoong pag-iisip ay tinignan na lang niya ang sumunod na picture ng kaklase. Naka-close up ang mukha nito. Nakapikit ang mga mata ng lalaki at nakanguso ang mga labi. Parang nanghahalik si Timothy sa picture na ito.

Lumingon siya para siguruhing walang ibang tao kahit na alam naman ni Pamela na pader lang ng kuwarto niya ang nasa likuran niya. Nang masigurong wala naman talagang tao roon maliban sa kanya ay saka pumikit si Pamela, ngumuso, at unti-unting inilapit ang kanyang mukha sa nakangusong picture ni Timothy sa screen... gapiso na lang ang agwat ng mga labi nila at magkakahalikan na sila...

“Pamela, Anak, ipinagtimpla nga pala kita ng gatas. Kasi—” wika ni Mama Polly pagkapasok nito ng

kuwarto niya, hawak ang isang baso ng gatas.

Laking gulat ni Pamela sa biglang pagpasok ng kanyang ina, kaya napabalikwas siya sa kinauupuan. Kamuntik na nga niyang mahulog ang laptop niya, pero buti na lang ay naging maagap siya at nasalo iyon.

Kung anong gulat niya ay ganoon din ang pagkabigla na bumakas sa mukha ng ginang. Napansin marahil nito ang pagtatangkang paghalik niya sa larawan ni Timothy. “Ma... bakit kayo nandito?”

“Ipinagtimpla kita ng mainit na gatas para inumin bago ka matulog, Hija.”

“Eh, ba’t hindi na lang si Ate Gelai ang pinatimpla n’yo ng gatas ko?” Ang Ate Gelai na tinutukoy niya ay ang katulong nilang beinte años na. Kasundo at ka-close ito ni Pamela.

“Tulog na si Gelai kasi. Kaya ako na lang... para naman may mother’s touch ang gatas mo. Bakit? Ayaw mo ba?” may himig pagtatampo na untag ni Mama Polly.

“Hindi naman sa gan’un, Ma.”

Inilapag ni Pamela ang laptop niya sa kama at kinuha ang baso ng gatas mula sa ina at saka ininom.

“Thanks, Ma,” sabi niya pagkainom ng gatas. Ibinigay niya ang baso sa ginang.

“You’re welcome, Honey,” sagot nito, sabay kuha

ng baso sa kanya.

Naglakad si Mama Polly papunta ng pinto. Bago lumabas ay binalingan nito ng tingin ang laptop na noon lang napansin ni Pamela na nakabukas pa at nakatambad doon ang picture ni Timothy na nakahalik. Tiningnan nito ang anak, sabay sabi, “Pamela, may gatas ka pa sa labi,” anito, sabay turo sa labi nito.

Pagkatapos ay ngumiti ito at lumabas na ng kuwarto.

Hinawakan ni Pamela ang labi upang kapain kung totoo ngang may gatas siya. Ngunit wala naman.

Namula siya sa kahihyan. Tiningnan niya ulit ang picture ni Timothy na nasa laptop niya at saka naisip kung ano ang tunay na ibig pakasabihin ng kanyang Mama Polly sa ‘may gatas pa sa labi’.

Chapter Two

Pinagtinginan kaagad si Timothy ng mga babae habang paupo ito sa isang upuan sa harap ng classroom.

“Alam n’yo, sa halos isang linggo na tayong magkakasama, never ko pang narinig nagsalita si Timothy,” bulong ni Cathy kina Mona at Pamela.

“Oo nga raw, eh. Pati mga kaklase natin alam ko iyun ang masasabi tungkol kay Timothy. Sadyang napakatahimik raw niya,” puna rin ni Mona.

“Sabi ko nga kasi sa inyo, suplado ’yan,” ani Pamela.

“Naku, hindi rin. Paminsan-minsan naman daw ay ngumingiti pag nakasalubong mo siya. Tulad

kahapon, nagkasalubong kami. Nginitian ko siya, and he smiled back. Hay naku! Kung baril lang ang ngiti niya malamang patay na ako... pamatay ang ngiti niya! Labas pa dimples niya,” kinikilig na kuwento ni Mona.

Nakaramdam siya ng inggit. Nakasalubong niya rin si Timothy nang nagdaang araw at binati, pero hindi siya nito nginitian o tiningnan man lang. Naisip tuloy ng dalaga na malamang ay asiwa ito sa kanya. Nalungkot siya nang masaisip na baka ganoon nga. *Bakit naman ayaw sa akin ni Timothy?*

“Hay naku! Kung ayaw niya sa akin, mas lalong ayaw ko sa kanya!”

“Pam, okay ka lang ba?” tanong kaagad ni Cathy.

“Oo naman, bakit?”

At doon napansin ni Pamela na nakatingin na sa kanya ang lahat ng mga kaklase niya. Doon niya napagtanto na nasabi niya ang nasasaisip. Batid niyang namula ang kanyang mukha. Ngumiti na lamang siya para pagtakpan ang kahihyan.

Pero napansin niya na hindi nakatingin si Timothy sa kanya, bagkus ay para itong walang pakialam sa nangyari. Natigil lang ang pag-uusap nila nang dumating na ang professor sa Social Science.

Napansin nina Mona at Cathy na nakatulala si Pamela at hindi nakikinig sa sinasabi ng professor nila. Kaya itinabi ni Cathy ang mukha nito sa

kanyang mukha at sinundan nito ng tingin kung saan nakapukol ang mga mata niya.

“Ayun! Kaya pala tulala si Ateng! Tinitingnan si Papa Timothy!” mahinang sambit nito, dahilan para bumalik siya sa ulirat.

“Sabi ko na nga ba at type mo rin siya, eh!” susog ni Mona.

“Hindi ko nga siya type! Nagtataka lang ako kung bakit di niya ’ko pinapansin, kung inis ba siya sa akin o ano.”

“Alam mo, Pam, hindi naman kita masisisi kung type mo si Timothy. ’Yung pagiging tahimik niya, most girls find it attractive sa isang lalaki. Para kasi siyang big mystery na gusto mong ma-unravel. ’Yung bang napakalalim niya at gusto mong arukin ang lalim niya... like Papa Timothy,” sabi ni Cathy.

“Ano ba?! Hindi ko nga siya type, okay?!” napalakas na sabi ni Pamela, dahilan para pagtinginan ulit siya ng mga kaklase niya at mapatigil sa pagsasalita ang kanilang professor.

Kagyat na nagsalita ang taong nakatayo sa harap ng klase. “S’abi ko nga sa class rules ko n’ung first meeting natin, puwede kayong mag-text or magdaldalan kahit habang nagkaklase ako. Alam ko namang love life ang madalas ninyong pag-usapan na mga kabataan. Love ’yan, eh, lesson lang ’to. Alin ba ang mas importante sa dalawa?” nakangiting wika nito

sa tatlong babae, dahilan para matawa ang klase.

Napansin naman niyang nakatingin din si Timothy sa kanila, pero hindi ito nakikitawa at sa ekspresyon ng mukha nito ay parang di nito naiintindihan ang nangyayari. Nakitawa na lang din sina Pamela, Mona, at Cathy.



Tuwang-tuwa sina Cathy at Mona sa nalibreng damit ng mga ito sa mall ng pamilya Nepomuceno noong nakaraang linggo na nag-shopping sila roon. Kaya habang nasa rest room silang tatlo ay walang tigil sa pagsasalamin ang dalawa para masdan kung bagay at maganda ba para sa mga ito ang mga damit na suot. Paikut-ikot pa si Mona sa harap ng salamin habang hawak ang suot na palda sa magkabilang dulo nito.

“Prom mo ba?” uyam dito ni Cathy.

Natatawa naman si Pamela sa inaasal ng mga kaibigan.

“O, siya, mauna na ako sa inyo sa classroom at baka ma-late ako. Kung makapag-makeup naman ’tong mga ito akala, eh, debut,” wika niya. May klase sila sa Accounting at magsisimula na iyon in five minutes, kaya naisip niyang mauna nang umalis.

Palabas na ang dalaga ng rest room nang makita niya si Timothy kasama ang ibang kaklase nito na papasok ng katabing room kung saan siya magkaklase

ng Accounting.

Napaatras siya bigla at bahagyang tinulak sina Cathy at Mona palayo ng salamin upang siya naman ang makapagsalamin.

“Girls... how do I look? Maganda ba ako? Hindi ba ako mukhang bagong gising? Hindi ba ako mukhang haggard?” sunud-sunod na tanong niya habang madaliang kinukuha ang kanyang makeup kit sa pouch bag. Nang makuha ay mabilis na nag-retouch siya ng kanyang makeup.

Hindi na hinintay pa ni Pamela ang sagot ng mga kaibigan. Natigilan kasi ang mga ito sa inaasal niya ngayon. Muli siyang nagpaalam sa dalawa habang nagmamadaling maglakad.

“Ayun ang mas malala... runaway bride ang drama,” narinig pa niyang bulalas ni Mona bago siya makalabas ng rest room. Ang suot niya kasi ngayon ay isang puting blouse at white skirt.

Dahan-dahang naglakad ng pasilyo si Pamela. Nang matapat siya sa pinto ng classroom na pinasukan ni Timothy ay tumigil siya sa paglalakad at pinagmasdan ang lalaki. Nakaupo ito malapit sa pinto.

She couldn't take her eyes off him. Wari ang mga mata niya ay nagmistulang binoculars na nakatutok lang kay Timothy at ito ay palapit nang palapit sa kanyang paningin.

Next thing she knew, naramdaman niyang may tumutulak sa kanyang likod papasok ng classroom nito. Nang lingunin niya, sure enough na nasa likuran niya sina Cathy at Mona at tinutulak siya ng mga ito.

Pinigilan niya ang kanyang katawan upang hindi makapasok sa classroom ni Timothy, ngunit mas malakas ang puwersa ng dalawa.

Sakto naman nang nagtagumpay ang mga ito na maitulak siya paloob ng classroom ay tumayo si Timothy at papunta sa harap, marahil ay tinawag ito ng professor para isulat sa board ang solution ng Math problem na ipinapagawa. Pagkatayo ng binata ay nasalo nito si Pamela na nawalan ng balanse nang itulak siya ng mga kaibigan.

Kumabog nang malakas ang kanyang puso. She could feel the strength of Timothy's arms when he caught her to stop her from falling. It's as if time stood still habang yakap siya nito. Pinilit niyang iwasan na tumingin sa mukha nito dahil sa pagkapahiya, ngunit napatingin pa rin siya rito. Well, from that moment, Pamela admitted that Timothy was undoubtedly handsome. At sino ba namang babae ang hindi mapapatitig sa ganoong kaguwapong mukha?

“Catch me I’m falling... falling.... falling fast again,” narinig niyang kinakanta nina Cathy at Mona sa labas ng classroom. *“Why do I always take a fall when I fall in love?”*

Doon lang siya bumalik sa ulirat. Napabalikwas siya mula sa pagkakasalo ng lalaki sa kanya.

“Sorry, Sir. I’ve entered the wrong room,” madaling paumanhin ni Pamela sa professor, sabay labas. Bago siya lumabas, narinig pa niyang nagtawanan ang mga kaklase ni Timothy at kinantyaw ng mga ito ang lalaki.

Nainis siya sa mga kaibigan dahil sa ginawa ng mga ito. Pinagagalitan niya ang dalawa habang naglalakad sila papunta ng kanilang classroom.

“Pero aminin mo, deep inside masaya ka,” kanyaw ni Cathy.

“Hindi, ’nuh!” kaagad na sagot ni Pamela.

“Aray, natusok ’ata ako!” wika ni Mona, sabay hawak sa pisngi nitong ‘natusok’ daw.

“Anong nakatusok sa ’yo?” takang tanong niya.

“Yung ilong mo, Pam. Humahaba na dahil sa pagsisinungaling mo. Sa sobrang haba na, natusok na ako.”

Napangiti siya. Tama nga ang mga kaibigan. Kahit na naiinis siya sa ginawa ng mga ito at sa kahihiyang inabot niya, lihim siyang natutuwa dahil nasalo siya ni Timothy at napagmasdan ang mukha nito nang matagalan.

Ngunit habang inaalala ang sandaling iyon ay bahagya ulit siyang nakaramdam ng inis. Noong sinalo

siya ng lalaki ay di man lang siya nito nginitian. Sa halip ay parang gulat ang mukha nito, at kung tama man ang palagay niya, ay mukhang iritable ito.

“Guwapo nga suplado naman!” bulalas niya. Kinantyaw na naman siya ng dalawa dahil sa iniusal niyang iyon.

Nang sumunod na mga araw ay napag-alaman niyang pinagtsitsismisan na siya ng mga kaklase ni Timothy na nakasaksi ng pagkakasalo ng lalaki sa kanya sa classroom. Pag nakakasalubong niya ang mga ito ay nginingitian siya na parang nang-aasar.

Well, bahala sila kung ano'ng isipin nila. They thought I am in love with that suplado guy?! Never! galit na nasaisip niya.

Pero mukhang may maliit na pagtutol na nadama siya sa kanyang puso. Hindi lang niya iyon pinansin.



“Cathy, Mona, gusto n’yo bang mag-nature tripping?” suhestyon ni Pamela sa dalawa. Limang oras ang break nila bago ang susunod nilang subject and they were dead bored waiting at the library. Ayaw naman nilang mag-shopping dahil kagagaling lang nila ng mall nang nagdaang araw. To do something different ay ito ang ini-suggest ni Pamela sa mga kaibigan. Pumayag naman ang dalawa.

Nagtungo sila sa *Lily Hill* sa loob din mismo ng

Clark Freeport Zone. Nang makaakyat sila mismo sa tuktok ng burol ay kita sa mga mukha nina Cathy at Mona ang pagkamangha sa nakita.

Lily Hill has luscious green grass na puwedeng higaan at pagpiknikan. Sa paligid-ligid ay mayroon ding mga rebulto ng mga sundalo, kanyon at iba pang war memorials.

“Wow, Pam! Ang ganda pala rito! Ang presko!” Mona exclaimed.

“Tanaw yata ang buong Clark at Angeles dito,” manghang sabi ni Cathy habang minamasid ang paligid. Palakad-lakad ito.

Naalala ni Pamela nang una siyang dalhin ng kanyang papa sa burol na iyon. She was seven years old then.

“Do you see the whole city of Angeles, my dear?” tanong ng papa niya.

“Yes, Papa. I can see them,” sagot niya.

“Our business empire covers almost the whole city of Angeles. It is my city. Someday, it will be your city, too,” proud na pahayag nito.

Siya ay napapangiti sa tuwing naaalala iyon.

Ngunit minsan ay natatakot siyang pumunta sa *Lily Hill*. Naikuwento sa kanila ng kanilang Philippine History professor ang mga urban legend na may nagmumultong mga sundalo na namatay noong

World War II sa naturang burol. Ginamit kasi ang lugar na ito na vantage point ng mga sundalo noong giyera dahil nga tanaw ang buong kalunsuran doon.

“Aaaahhhh!! May multooo!!” malakas na tili ni Cathy mula sa kung saan.

Natakot si Pamela. Kahit na natatakot ay patakbo pa rin siyang lumapit kay Cathy. Ganoon din si Mona. Takot na takot at nanginginig ang kamay nito habang may itinuturo ito sa di-kalayuan.

Sinundan niya ng tingin ang itinuturo nito. Isang lalaking puting-puti ang pantaas na T-shirt at pang-ibabang pantalon ang nakahiga sa damuhan at nakapikit. Ang mga kamay nito ay nasa likuran ng ulunan nito. Wari ay natutulog ito. Ngunit may mali rito... hindi ito mukhang multo. He looked so solid.

Nilapitan niya ito at napanganga siya sa pagkagulat.

Ang lalaking ito ay si... Timothy!

“Cat, Mon. Hindi siya multo. Si Timothy ito...” sambit niya.

Kaagad na lumapit din ang dalawa. Pinakatitigan nila ito at nasigurong si Timothy nga ang lalaki. Mukha itong natutulog. Mabuti na lang at hindi ito nagising sa lakas ng tili ni Cathy kanina.

“Ang guwapong multo pala ng nakita ko. Masuwerte pa rin ako,” birong sambit ni Cathy.

Hindi nga maikakaila ni Pamela na kahit natutulog si Timothy ay guwapo pa rin ito. His face looked so peaceful while asleep. Kung puwede nga lang hawakan ang makinis nitong mukha. Nakakatukso rin ang mapupula nitong labi.

Nagtataka siya kung ano ang ginagawa ng kaklase sa burol na iyon. Marahil ay ito rin ang naisip tambayan ng lalaki gaya nila.

Nagulat siya nang biglang kinuha ni Cathy ang cellphone nito, inilapit ang mukha sa mukha ni Timothy, sabay kuha ng picture. Ganoon din ang ginawa ni Mona nang mainggit sa kaibigan. Wala pa ring kamalay-malay sa nangyayari ang natutulog na lalaki.

“Ayaw mong gumaya sa amin, Pam?” tanong ni Cathy sa tonong nang-iinggit. “Pang-*Instagram* din ito. ’Tapos may hashtag na ‘Selfie-Selfie Pag May Time’.”

“No!” mariing pagtangga niya. “He’s not my type!” dagdag pa ni Pamela.

“Huuu! Not your type! Humahaba na naman ilong mo!” sabi ni Mona.

“Eh, hindi talaga!”

“Sige nga, kung hindi mo siya type... kiss mo siya sa lips!”

Nagulat si Pamela. “Ha? Excuse me, ba’t ko siya hahalikan, eh, hindi ko nga siya type!”

“Wala namang malisya. Kiss lang. Saka tulog naman siya,” ani Mona.

“Saka ba’t parang kabado ka naman? Kung sa pagba-bar-hopping nga natin, ilang beses ka nang nakahalik ng lalaki. ”Tapos ngayon kay Timothy lang kakabahan ka?” may tonong paghahamon na sabi ni Cathy.

Napaisip si Pamela. She was a certified pro when it comes to kissing. She kissed random guys just for fun at the bars they hang out. In fact, a lot of guys she kissed said she was a good kisser. Ngunit ngayon, kinakabahan siya kay Timothy? Bakit kaya? Kaya upang mapanindigan ang kanyang pagiging good kisser... she gave in to her friends’ dare.

“Ako? Kay Timothy? Papakabog? Sige, I’ll kiss him... pero walang malisya ito,” matapang na wika niya.

Napa-OK na lang sina Cathy at Mona at pinagmasdan siya. Unti-unti niyang nilapit ang kanyang mukha sa mukha ni Timothy. Hindi niya mawari kung bakit nanginginig siya habang papalapit nang papalapit ang kanyang mukha sa mukha ng lalaki. Kumakabog din ang kanyang puso sa kaba. Hindi naman siya kinakabahan nang ganito pag nakikipaghalikan sa mga lalaking nakilala niya sa bar... ngunit bakit ngayon?

She focused her eyes on his red lips. Malaman ang

mga iyon. Kaunti na lang ang pagitan ng mga labi nila... malapit na at maglalapat na ang kanilang mga bibig.

Biglang dumilat si Timothy. Nanlaki ang mga mata ni Pamela sa pagkabigla. Saglit muna silang nagkatinginan bago siya biglang tumayo at tumakbo palayo kasunod nina Cathy at Mona.

“Mga baliw kayo! Sa susunod, hindi na ako susunod sa mga dare n’yo! Ilang beses n’yo na akong ipinahamak kay Timothy!” hinihinal pang sabi niya sa dalawang kaibigan nang makabalik sila ng kotse.

“Eh, kasi ba’t mo ginawa ’yung dare na iyon? Kaya mo ginawa dahil gusto mo rin naman,” sagot ni Mona.

Hindi na lang sumagot si Pamela. Ayaw na lang niyang sagutin ang mga kaibigan. Pagod na siya sa pagtakbo. Pagod na siyang pasinungalingan pa ang tunay na nilalaman ng kanyang puso.

Chapter Three

Kinabukasan, nagpunta si Pamela ng university library para manghiram ng aklat na makakatulong sa kanyang assignment sa Accounting. Kahahanap pa lang niya ng mga librong kakailanganin niya at paupo na siya sa isang mesa para magbasa nang makita niyang bumukas ang pinto ng library at iniluwa niyon si Timothy. Dali-dali siyang napaupo nang tuwid at nagsimulang buklatin ang *Who's Your CEO?* na libro na nasa ibabaw ng pile ng mga hiniram niya at nagpanggap na nagbabasa upang maitago ang mukha niya sa lalaki.

Hindi niya pansin na baligtad pala ang aklat na kanyang binabasa.

Makalipas ang ilang sandali, ginalugad niya ng tingin ang library. Hindi na niya makita si Timothy. Upang makaalis na sa library na iyon para hindi na siya datnan nito saanmang sulok naroroon ito. Kaagad niyang kinuha ang librong hihiramin at nagmadaling naglakad papunta sa linya ng library counter. Isang lalaki ang nasa pinakahulihan ng pila, ngunit napansin niyang may babaeng pipila sa likuran nito kaya lalo niyang binilisan ang lakad upang maunahan ito. Ngunit dahil sa pagmamadali ay natisod siya, napaluhod sa sahig at nabitawan ang aklat na hawak.

Napansin ito ng lalaki na nasa huli ng pila, kaya kaagad na lumuhod ito para kunin ang nahulog na aklat. Iniabot nito iyon kay Pamela na nakaluhod pa rin dala ng pagkatisod.

“Maraming salamat...” panimula niya bago tingalain ang lalaki. Nagulat siya nang mapagsino ito.

Si Timothy!

Hindi siya makapaniwala na magkakalapit sila ulit nang ganoon ng binata. Naramdaman niya ang pagtakas ng kulay sa kanyang mukha at ang pagkabog ng kanyang puso dahil sa kaba. Iniaabot na ni Timothy ang aklat sa kanya, ngunit hindi niya iyon kinukuha. Tinititigan niya ito. Hindi niya talaga maipagkakailang napakaguwapo ng lalaki sa malapitan. Taglay nito ang mala-Prince Charming na mukha na nai-imagine niya sa mga fairy tales.

Pakiramdam ng dalaga, nasa isang fairy tale scene sila kung saan ang drama niya ay isang damsel in distress at to the rescue ang kanyang guwapong knight in shining armor...

Ding! Ding! Ding! Ding!

Pinatunog ng librarian ang bell. “Hoy, kayong dalawa riyan? Manghihiram ba kayo ng libro o maghaponng magtititigan na lang diyan? Ang haba na ng pila, uy!” galit na sita nito.

Tiningnan ni Pamela ang linya at napansing mahaba na nga ang pila ng mga estudyanteng manghihiram ng libro. Nakaramdam siya ng hiya. Kaagad niyang kinuha ang aklat kay Timothy. Tumayo na rin ang lalaki para ipagpatuloy ang panghihiram nito ng aklat. Napansin niya na ang librong hinihiram nito ay may pamagat na *Introduction to Psychology*. Doon niya napagtanto na Psychology pala ang kurso nito. Nang matapos si Timothy, kinalabit niya ito.

“Salamat nga pala sa pag-abot mo ng libro. A-ako nga pala si P-Pamela,” nauutal pang pakilala niya, sabay lahad ng kanyang kanang kamay. Tiningnan muna siya nito nang matagal.

Patay! Mukhang galit siya dahil sa ginawa namin sa kanya kahapon sa Lily Hill. Lalo na 'yung ginawa ko sa kanyang muntikang paghalik, natatakot na nasasaisip niya.

Laking pasasalamat niya sa Diyos nang biglang

ngumiti ang kaharap at kinamay siya nito. Sa pagngiti ni Timothy, napansin niyang may dimples ito sa magkabilang pisngi tulad nga ng nasabi ni Mona sa kanya. Pagkatapos ngumiti ay idinikit nito ang kanang kamay sa mga labi nito at iminuwestra iyon papunta sa direksyon niya at saka umalis.

Natulala ang babae at sinundan ng tingin si Timothy na palabas na ng library. Animo'y matutunaw na siya sa kinatatayuan habang ginugunita ang mga ngiti ng kaklase sa kanya at ang pagdadaupang-palad nila.

At nag-flying kiss pa siya sa akin! sigaw ng isip ni Pamela. Ibig sabihin... hindi siya galit sa ginawa ko sa kanyang muntikang paghalik kahapon! He likes me yata!

Muling tumunog ang bell na pinindot ng librarian. *Ding! Ding! Ding! Ding!*

“Miss, mamaya ka na magpantasya diyan. Manghiram ka muna ng libro...” masungit na sabi ng babae kaya bumalik siya sa katinuan.



Late si Pamela at ang kanyang mga magulang sa misang alas diez ng umaga, kaya nadatnan nilang halos wala nang maupuan sa loob ng *Holy Rosary Parish*. Ang pag-awit ng *Papuri sa Diyos* na ang naabutan nilang pamilya pagpasok nila sa simbahan. Tayuan na ang ibang tao sa loob ng simbahan.

Goodness! Naka-heels pa naman ako 'tapos wala kaming mauupuan?! Kumusta naman ang binti ko mamaya! iritang nasasaisip niya. Suot niya kasi ngayon ang kanyang pink *Louis Vuitton* dress with matching wide black belt at *Prada* high-heeled shoes na binili pa niya nang nagpunta sila sa States noong Mayo.

“O, ’wag kang mag-inarte diyan, Hija. Ikaw ang may kasalanan kung ba’t tayo nahuli sa misa,” sabi ng Papa Philipp niya.

Marahil ay nakita nito ang iritadong ekspresyon sa kanyang mukha kaya siya sinabihan nito. Late na nga siyang nagising ay napakakupad pa niyang maligo. Paano ay hindi siya sanay na gumigising nang umaga kapag Linggo. Hindi kasi siya palasimba. Tuwing Sabado kasi ay all-night siya kung mag-bar-hopping at madaling-araw na kung umuwi sa kanila, kaya puyat siya pagsapit ng Linggo.

Ngunit ngayong Linggo ay pinilit siya ng mga magulang na sumama sa pagsisimba upang mapalapit daw siya sa Diyos. Aminado siyang hindi siya palasimba pero nagsisimba naman siya kapag nagkakaoras siya... like once in two years? Naalala niya tuloy ang kantang pinapakinggan ng driver ng papa niya sa radyo noong isang araw. Siya yata ang inspirasyon ng composer ng kanta iyon: *Lord, Patawad*.

Dahil nga isang prominenteng pamilya, maaari

namang makiusap ang papa niya sa mga tauhan ng simbahan na bigyan sila ng upuan. Ngunit sadyang mapagkumbaba ang kanyang ama at hindi nito ginagamit ang impluwensya para bigyan sila ng special treatment. Kung late sila, magtiis silang tumayo.

Nang *Alleluia* na ay iginalala ni Pamela ang paningin sa loob ng simbahan sa pagbabakasakali na makahanap ng bakanteng upuan. Napagawi ang tingin niya sa kanang bahagi ng simbahan kung saan napansin niya na may isang grupo ang nagsa-sign language. May isang lalaki na nakatayo sa harap ng mga pipi at nagsa-sign language din. Ito ang sinusundan ng mga pipi sa kanilang pagsenyas. Nagulat siya dahil hindi niya alam na may misa pala para sa mga pipi. Napako ang tingin ni Pamela sa mga ito dahil namamangha siya sa pagsenyas nila ng kantang *Alleluia*.

At literal na napa-*Alleluia* siya nang mapansin ang isa sa mga piping nagsa-sign language...

“Timothy?”

Hindi siya maaaring magkamali. Si Timothy nga ang nakikita niyang isa sa mga nagsa-sign language. Nakasuot ito ng graffiti printed polo shirt at maong pants. Hindi mawari ni Pamela kung bakit hindi na niya maialis ang tingin sa kaklase nang mga oras na iyon. Hindi niya pansin na nakanganga pa siya habang tinitingnan niya ito.

Marahil ay napakiramdaman ng lalaki na may

nakatingin dito, kaya napalingon ito at nagawi ang tingin sa kanya. Doon lang niya napagtanto na nakanganga pa siya at nilukob siya ng hiya. Napatigil din si Timothy sa pagsa-sign language. Nakataas pa ang mga kamay nito kahit tapos na ang *Alleluia* at nagsisimula na ang pari sa pagbabasa ng Ebanghelyo.



“Ano? Si Timothy ay isang deaf-mute?!” gulat na bulalas nina Cathy at Mona nang ikuwento ni Pamela sa mga ito ang natuklasan noong Linggo. Nasa classroom na sila ng kanilang Social Science class pero wala pa ang professor.

“Kaya pala never natin siyang narinig magsalita...” wika niya.

“Pero hindi halata na he’s deaf-mute. Para siyang normal,” ani Cathy.

“Sayang, ’nuh? Guwapo pa naman. Nakakagulat nga lang, hindi pala siya nakakapagsalita...” may himig na panghihinayang na sabi ni Mona.

“Eh, gan’un talaga, you can’t have everything,” saad ni Cathy.

“Pero nakakamangha at nakakapagtaka, paano niya naiintindihan ang lessons kung hindi siya nakakarinig?” napapaisip na turan ni Pamela.

Nasa ganoong pag-uusap sila nang pumasok

ng classroom si Timothy. Kaagad silang natigil sa pagkukuwentuhan sa kaba na baka marinig sila nito, pero mabilis din nilang na-realize na talagang hindi sila maririnig ng kaklase.

Saglit na tiningnan ni Timothy si Pamela na wari’y may gusto itong sabihin. Pero marahil naisip nito na huwag na lang ituloy ang binabalak at umupo na lang ang lalaki sa pinakaharap na upuan.

Ilang sandali pa ay dumating na ang professor nila at nagsimula nang magturo.



Pagkatapos ng klase ay sabay-sabay na nag-lunch sina Pamela, Cathy at Mona sa canteen. Punung-puno ng mga tao at mahaba ang pila, kaya matagal din bago sila naka-order at nakahanap ng mesang mapupuwestuhan.

Hindi pa rin sila maka-get over sa natuklasan tungkol kay Timothy, kaya iyon ang naging usapan nila habang kumakain sila.

“Oh, ngayong natuklasan mong tahimik forever pala ang future boyfriend mo, gusto mo pa rin ba siya?” may himig pang-aasar na wika ni Mona.

“Future boyfriend?! Ano ba? Ilang beses ko bang sasabihin sa ’yo na hindi ko siya gusto,” mariing pagtatanggi ni Pamela.

“Hindi raw gusto! As the saying goes, actions speak louder than words. Hindi mo man masabing gusto mo siya, halata naman sa mga kinikilos mo, Pam! Parang si Timothy, hindi man siya makapagsalita, at least through actions, he can communicate,” ani Cathy.

Bigla na lang may umubo nang mahina malapit sa table nila, dahilan para mapalingon silang tatlo sa pinagmulan nito. At nakita nilang nakatayo si Timothy sa tabi ng table nila na may dalang tray ng pagkain.

Parang napipi rin si Pamela at hindi nakapagsalita nang makita ang lalaki. Maraming pagkakataon na rin silang nagkakalapit at sa mga pagkakataong iyon tulad ngayon, parang may iba siyang nararamdaman na animo’y isang malaking magnet si Timothy at ina-attract ang mala-bakal niyang puso palapit sa binata sa sobrang lakas ng kabog nito.

“Gusto mo bang makiupo sa amin?” Si Cathy na ang nagtanong. Sa pakiwari ni Pamela ay alangan pa ang kaibigan kung naintindihan ba ni Timothy ang sinabi nito. Pero parang naintindihan nga ng lalaki ang tanong ng kaklase dahil ngumiti ito at umupo.

Sakto naman na ang upuan sa harap ni Pamela ang tanging bakanteng upuan at doon umupo si Timothy. Ngumiti ulit ang lalaki, nagdasal pasumandali, at nagsimulang kumain na.

Hindi na siya makakain nang maayos dahil sa

presensya ni Timothy. Mayamaya ay biglang tumayo si Cathy, hawak ang cellphone nito.

“OMG! My boyfriend’s calling. Nagri-ring ang cellphone ko, got to go!” bulalas nito habang nakatingin sa hindi naman umiilaw na aparato.

“Ha?! Hindi ko naman naririnig na nagri-ring ang cellphone mo at for the record, eh, wala ka namang boyfriend,” salungat ni Pamela.

“Ay naku! Nabingi ka na rin siguro kaya hindi mo naririnig ang ring! Nagri-ring kaya. At may boyfriend na ’ko, ngayon-ngayon lang. Sige, ’bye!” Madaling umalis ng canteen si Cathy.

Mayamaya pa ay si Mona naman ang tumayo at sabay hawak sa tiyan nito.

“Pamela, naimpatso ’ata ako. Sige maiwan ko muna kayo,” nakangiti pang paalam nito na parang hindi naman naimpatso.

Binalot ng katahimikan at tensyon ang table nang mapag-solo sina Pamela at Timothy. Hindi niya mawari kung bakit hindi siya nakakaramdam ng hiya kapag nagpapakilala siya sa ibang lalaki sa bar, pero ngayong kaharap na niya si Timothy ay tila gusto niyang tumiklop na parang makahiya. Uminom siya ng tubig pero dahil sa tensyon niya ay hindi niya namalayang hindi pala dumikit ang baso sa bibig niya at sa halip ay natapon ang tubig sa kanyang damit. Natawa ang kaharap niya.

Walanghiya 'tong mokong na 'to! Pinagtawanan pa ako. Pero in fairness, pamatay talaga ang ngiti niya. Kung hindi lang panalo ang ngiti mo malamang kanina pa kita sinampal diyan!

Dali-dali naman ay kumuha ng ballpen at notebook si Timothy sa bag nito at nagsulat. Pagkatapos ay ibinigay nito ang notebook kay Pamela upang basahin.

Were you surprised when you found out I'm deaf-mute? sabi ng sulat nito.

Napansin niyang maganda ang dikit-dikit na sulat ng lalaki. Involuntary siyang napahanga dahil doon. Kumuha rin siya ng ballpen at sinagot ang sulat ni Timothy.

Of course, golf course.

That's why you feel a bit awkward toward me right now?

Marami siyang gustong sabihin dito. At dahil hindi na siya sanay sa pagsusulat, kaya inilabas niya ang cellphone niya at doon nag-type ng lahat ng gustong sabihin at ibinigay sa lalaki ang cellphone upang ipabasa rito iyon.

No. You are the one who is being awkward toward me. On the first day of class, you didn't look at me when I greeted you! Whenever I'm trying to greet you when we cross paths in the corridor, you are looking the other way

as if you did not have any intention of greeting me back.

Halos mapudpod na ang kanyang hinlalaki sa haba ng text niya. Nang iabot niya kay Timothy ang cellphone, nakangiting kinuha nito iyon. Kahit na naiinis nang mga oras na iyon, di niya pa rin maiwasan na mahumaling sa ngiti ng kaharap. Sa totoo lang, ang ngiti ni Timothy ang nagpapaibsan ng inis na nararamdaman niya.

I'm sorry about that. I didn't hear you greeting me on the first day of class in our room when we sat beside each other and the one in the corridor. In case you forgot, I'm deaf-mute. That's why.

Napakagat-labi siya nang mabasa ang sagot nito. Doon niya napagtanto na hindi nga pala siya naririnig ni Timothy noong mga oras na binabati niya ito pero inakala niya na suplado ito. Nahiya tuloy siya sa sarili dahil sa mali niyang judgment sa lalaki.

Pero nagtataka si Pamela kung bakit at paano ito nakapasok ng *UP* at nakakaintindi ng lesson ng mga professors kung ito ay may kakulangan sa pandinig at pagsasalita. Sa cellphone na sila nagsimulang magpalitan ng mensahe.

Pamela: *How come you understand what the professors are teaching? You can't hear a thing but still you manage to cope up with the lessons.*

Timothy: *Say something in front of me. Anything.*

Napakunot ng noo siya dahil nagtaka siya sa sagot ni Timothy. Pinagsasalita siya nito sa harap nito? *Pinaglolo-loko yata ako ng mokong na 'to, eh. Magkasubukan nga kami nito.*

She cleared her throat and blurted out loud, “Supercalifragilisticexpialidocious.” Ngumisi siya at nasaisip, *Akala mo, ah.*

He grinned back at nagsimulang mag-type sa cellphone ng babae. Pagkatapos mag-type ay ibinalik nito ang cellphone sa kanya. Laking gulat at mangha niya nang makita sa screen ang salitang kababanggit lang niya kanina. Hindi pa nakontento, nagsalita ulit si Pamela sa harap ni Timothy ng isang magic spell sa *Harry Potter*.

“Wingardium Leviosa.”

Kinuha nito ang cellphone sa kanya at nagsimula muling mag-type. This time, sinilip na niya ang tina-type ng binata sa halip na hintayin pang ibigay nito ang cellphone sa kanya. Napabilib siya nang husto nang makita niyang tinitipa ni Timothy ang eksaktong sinabi niya at tama ang mga baybay nito.

“O... M... G!” bulalas na lang niya sa pagkamangha. “Kaya mong mag-lip reading?” tanong niya sa lalaki.

Tumango ang kausap, sabay ngiti. Pagkatapos ay nag-text muli ito at pinabasa iyon sa kanya.

Gulat ka nuh?!

“Obvious ba?”

Nag-type muli ito. *Now you know that I'm deaf-mute, can you forgive me sa mga pag-aakala mong 'dinedma' kita?*

“Pag-iisipan ko,” sagot niya.

Pag-iisipan? May kasalanan ka rin sa akin. You nearly kissed me in Lily Hill when I was asleep.

Muling napakagat-labi si Pamela. Naalala pa pala ni Timothy ang kahiya-hiyang eksenang iyon! Hindi siya makasagot sa akusasyon nito. Muli itong nag-type.

I have already forgiven you for that. And mind you, I helped you pick up your book in the library so that deed can be considered as my making it up to you for the wrong things you think I've done to you. And also, I did catch you when you accidentally slipped in our classroom. So if I were you, you forgive me na, please?

Nakangisi si Timothy na wari'y nanghahamon ito habang ibinibigay nito ang cellphone sa kanya. Bumuntong-hininga na lang siya pagkatapos itong mabasa. Lakas maka-konyo nito dahil sa Taglish nitong mensahe.

“Oo na. Pinapatawad na kita. Dapat nga humingi rin ako sa 'yo ng sorry dahil hinusgahan kita agad sa di mo pagpansin sa akin na akala ko suplado ka,” wika niya. “At sana patawarin mo rin ako roon sa *Lily Hill*

scandal natin.”

Natawa ito nang sabihin niya ang ‘Lily Hill scandal’. Hindi na rin napigilan ni Pamela ang matawa. Pagkatapos niyon ay ipinaliwanag pa niya na dare lang sa kanya iyon nina Cathy at Mona.

So, I’m not your type that’s why you did it? text ni Timothy ngunit batid ni Pamela na nang-aasar ito.

“Excuse me, ha! Ikaw mata-type-an ko? No,” wika niya, ngunit hindi siya makatingin sa mga mata ng lalaki.

Upang matigil na ang usapan tungkol sa halikan, kaagad niyang binago ang usapan. At mula noon, they felt at ease with each other.

Nagkuwentuhan pa sila habang kumakain. Kahit na marunong si Timothy na mag-lip reading, nagkuwentuhan sila sa pamamagitan ng pagsusulatan o pagte-text, depende sa haba ng gusto nilang sabihin sa isa’t isa. Natuklasan ni Pamela na ang tawag sa sign language na ginagamit ni Timothy ay ASL or American Sign Language dahil ang mga senyas na ginagamit dito ay hango sa mga American English words.

Maalam ito sa English dahil nga English words ang pinagbasehan ng ASL, ngunit dahil tinuruan ito ng mga magulang nito na mag-Tagalog ay marunong din ng wikang iyon ang lalaki. Kahit hindi mga deaf-mute, marunong daw mag-ASL ang mga magulang

ni Timothy. Sinanay rin nito ang sarili na mag-lip reading hanggang sa matutunan nito.

Pagkatapos ay sumenyas ito ng ‘sandali lang’ kay Pamela at may kinuha ito sa bag nitong isang orange na papel. Ibinigay nito iyon sa kanya at binasa niya ang nakalagay rito.

Experience and learn something new every Sunday mornings that you'll cherish for the rest of your life.

LEARN THE BASIC SIGN LANGUAGE IN AN EASY WAY

Come and Join in a three-month Basic Sign Language Course and learn to speak with the use of hands.

Nang marating ni Pamela ang bahagi kung saan nakalagay ang contact details ng mga dapat i-text kung interesadong sumali ay napangiti siya sa nakita. Nakabilog ng ballpen ang pangalan ni Timothy at cellphone number nito. At may nakasulat pa na “Hope you can come, Pamela.”

“So, you’re making sure na ikaw talaga ang iko-contact ko if I want to go to this Basic Sign Language Course?” may himig pangangantyaw na wika ni Pamela.

Ngiti lang ang itinugon ni Timothy at napakamot ito ng ulo marahil ay nahihiya ito.

Napaisip siya. Malamang ay buong Sabado ng gabi

na naman siyang nasa bar at magsasasayaw at mag-iinom at siguradong puyat siya kinabukasan ng Linggo ng umaga.

“Timothy, I don’t think I could make it, but I’ll try. I’ll just inform you,” malungkot na tugon niya.

Bumakas din ang lungkot sa mukha ng lalaki dahil sa ipinahayag niya. Tumayo ito sa kinauupuan, nagpaalam, at naglakad palayo ng canteen.

Napabuntong-hininga si Pamela. Batid niyang napasama niya ang loob ng lalaki dahil sa ginawa niyang pagtangga sa paanyaya nito sa kanya. Muli niyang tiningnan ang leaflet na ibinigay nito kung saan may personal na mensahe ito para sa kanya.

Hope you can come, Pamela.